MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA

Mga bakuna para sa Grado 7

PublicHealth
WELLINGTON-DUFFERIN-GUELPH
Stay Well.

Mahal na magulang o tagapag-alaga

Bibisitahin ng Wellington-Dufferin-Guelph Public Health ang paaralan ng iyong anak upang mag-alok ng tatlong mahahalagang bakuna na tumutulong na protektahan sila ngayon at sa hinaharap:

1 Meningococca

Pinoprotektahan ng bakunang ito ang katawan laban sa apat na karaniwang uri ng meningitis, isang malubhang impeksyon na maaaring makaapekto sa utak at spinal cord.

2 Hepatitis B

Pinoprotektahan ng bakunang ito ang katawan laban sa kanser sa atay at sakit sa atay na dulot ng hepatitis B virus.

3 HPV

Pinoprotektahan ng bakunang ito ang katawan laban sa siyam na karaniwang uri ng HPV, na maaaring magdulot ng kanser sa ulo, leeg, at mga bahagi ng ari, pati na rin ng mga kulugo sa ari.

Ang mga bakunang ito ay ligtas at nagbibigay ng proteksyon laban sa malulubhang sakit; maaari ring kailanganin ang mga ito para sa pag-aaral, pagtatrabaho, pagbibiyahe, o paglalaro ng sports pagkatapos ng pagtatapos ng pagaaral. Libre rin ang mga ito habang nag-aaral pa ang iyong anak, kaya mariin kong iminumungkahi na magpabakuna sila habang estudyante pa.

Ang mga pampublikong nars sa kalusugan ay nasa

_____ sa _____

Mangyaring kumpletuhin ang online na pormularyo ng pahintulot para sa inyong anak sa lalong madaling panahon upang malaman ng aming mga pampublikong nars sa kalusugan kung maaari siyang tumanggap ng mga bakuna.

Handa na akong magbigay ng pahintulot.

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng pormularyo ng pahintulot, mangyaring tumawag sa 1-800-2657293 ext. 7006 upang makausap ang isang nars sa pampublikong kalusugan. Maaari kang matuto nang higit pa sa tungkol sa bawat bakuna sa pamamagitan ng pagtingin sa aming mga katunayang papel —na makukuha sa iba't ibang wika—sa wdgpublichealth.ca/immunizegr7.

Salamat sa pagtulong na panatilihing ligtas at malusog ang ating mga paaralan.

Taos puso

Dr. Nicola Mercer, MD, MBA, MPH, FRCPC, C.Dir.

Medical Officer of Health and CEO